

# PALAU GNAYANG PILIPINO

NORMA C. TIANGCO

Pamantasan ng Santo Tomas

(Tinanggap noong 18 ng Septiyembre, 1970)

Ang balangkas ng mga pangungusap sa Pilipino ay maaari nating ilarawan sang-ayon sa iba't ibang uri ng balarila. Ang gagawin kong paglalarawan dito ay sang-ayon sa tinatawag na balarilang punsiyunal o 'functional grammar' ni Teodoro A. Llamzon ng Ateneo de Manila University (1970).

Bago tayo magsimula ay 101g ko sanang ipaalaala sa mambabasa na ang mga tuntuning iisa-isahin ko dito ay nauukol lamang sa mga saligang tuntunin (formation rules) ng palaugnayang Pilipino, at di ko tatalakayin ang mga tuntuning transpormasyunal (transformational rules).

Masasabi nating ang Wikang Pilipino ( $W_p$ ), sa unang hanay ng paghahango, ay binubuo ng iba't ibang uri ng mga pangungusap ( $P_g$ ); kaya't:

$$W_p = P_{g1} \sim P_{g2} \sim P_{g3} \dots P_{gn}$$

Ang mga iba't ibang uri ng pangungusap na ito'y mabibigyang katuturan sa hanay ng kayarian ng mga pangungusap (sentence level). Sa susunod na hanay na paibaba, ay naroon ang hanay ng mga parirala, at ito'y sinusundan ng hanay ng mga salita. Sa susunod namang hanay na paitaas, ay naroon ang hanay ng mga peryodo, na binubuo ng mga salita. Kaya't maaari nating pag-usapan sa paglalarawang ito ng palaugnayang Pilipino, ang: (1) hanay-peryodo, (2) hanay-pangungusap, (3) hanay-parirala, at (4) hanay-salita. Sa bawat hanay ay tatalakayin natin ang kayarian ng mga yunit na sapilitan muna (obligatory forms of units), at pagkatapos nito ay pag-uusapan natin kung papaano napapahaba ang mga ito (expansions).

## 1.0 ANG HANAY-PERYODO

Sa Pilipino, ay mayroon tayong mga pahayag na katulad ng sumusunod: *dumating siya*, *naligo siya*, *kumain siya*. Ang kayarian ng tatlong bumubuo ng pahayag na ito'y may anyo ng tinatawag nating 'pangungusap.' Ang pahayag na ito'y nalalaman nating isang ganap na sambitla sapagkat pababa ang punto ng pagbigkas. May tatlong uri ng mga puntong nagtatapos ng isang ganap na sambitla: (1) ang isinasagisag ng tandang tuldok (.), (2) tandang pananong (?), at (3) tandang panghanga (!). Bawa't pahayag na mayroong isa sa mga tandang ito sa hulihan ay tinatawag na isang *peryodo*.

Sa hanay ng peryodo ay maaaring pagdugtungin ang dalawang pangungusap sa pamamagitan ng mga pangatnig. Sa Pilipino'y may dalawang uri ng pangatnig: (1) ang PANGATNIG NA PANTULONG, na maaaring isa sa tatlong uri: (a) ang sinusundan ng pandiwa sa *anyong pawatas* ( $PG_{\infty}$ ), halimbawa, lumuwas si Pedro *upang mamili*; (b) ang

sinusundan ng pandiwa sa *anyong pambahay* (PG<sub>∞</sub>), halimbawa, patay na si Pedro *nang dumating* siya; ang sinusundan ng pandiwa sa anyong pawatas o *pambahay* (PG), halimbawa, *pag nagluto* siya ng manok ay dito kakain si Pedro, o *pag magluto* ang ina ng maruya ay magkakasayahan sina Pedro; at (2) ang PANGATNIG NA PANTUWANG.

Ang mga pangatnig na pantulong ay: (a) ang PG<sub>∞</sub>: upang, para, nang, bago, hanggang, pag, pagka, kapag, kung, kahit na, maski na, bagaman; (b) ang PG<sub>∞</sub>: nang, habang, samantalang, kanya, sapagkat, kasi, mangyari, tuwing, yamang; (k) ang PG: pag, pagka, kapag o kung. Ang mga pangatnig na pantuwang ay: at, at saka, ngunit, pero, datapuwat, subalit, kundi, samakatuwid o kaya, ni . . . ni, kung ano . . . siya rin, hindi lamang . . . kundi rin.

Ang mga peryodong may pangatnig ay binubuo ng dalawang uri ng pangungusap: (1) ang mga pangunahing pangungusap (PP) halimbawa, *dumating si Rosa*; at (2) ang mga panghuling pangungusap (PH), halimbawa, *maghain ka na!*

Ang mga PP na may pangatnig na pantulong ay maaaring sundan ng PH, hal. *kung dumating na si Rosa, maghain ka na!*; ngunit hindi maaaring sundan ng PP ang PH, hal. *\*kung maghain ka na! ay dumating na si Rosa.*

Ang mga PANGHULING PANGUNGUSAP (PH) ay maaaring maging: (1) *pandamd*, hal. *may sunog!*; (2) *pantawag*, hal. *inay!*; (3) *pambati*, hal. *magandang umaga po*; (4) *pang-utos na pabigla*, hal. *sulong!*; (5) *payak na pang-utos*, hal. *magsaing ka na!*; (6) *pakiusap*, hal. *dagdagan mo nga ito*; (7) *tanong*, na maaaring: (a) *tanong sa punto*, na may puntong paitaas, hal. *kumain ka na?*; (b) *tanong sa salita*, na may kahalong salitang pananong (at maaaring walang puntong paitaas), hal. *kumain ka na ba?*

Ang mga PANGUNAHING PANGUNGUSAP (PP), sang-ayon sa mga bumubuo sa kanila, ay maaaring maging: (1) *isahan*, hal. *umuulan*; (2) *dalawahang*, hal. *natutulog siya*; (3) *tatluhan*, hal. *nakikita ko siya*; o (4) *apatan*, hal. *binigyan ko siya ng libro*. Ang mga ito'y pag-uusapan natin ng isa-isa sa sumusunod na bahagi ng ating paglalarawan.

## 2.0 ANG HANAY-PANGUNGUSAP

Upang maging maliwanag ang ating paglalarawan ng kayarian ng mga iba't ibang uri ng pangungusap, ay kailangan nating talakayin muna ang iba't ibang uri ng pariralang bumubuo ng mga pangungusap sa Pilipino.

Ang unang uri ng parirala'y ang PARIRALANG PANDIWA (PD). Ito'y maaaring maging: (1) *palipat na absoluto* (PD<sub>apl</sub>), na laging may layon; hal. *nagpatay ng manok*; (2) *palipat* (PD<sub>pl</sub>), na maaaring mayroon o walang layon; hal. *nagluluto ng sinaing*; (3) *di-palipat*, (PD<sub>dpl</sub>) na di maaaring magkaroon ng layon; hal. *nagpapahinga*; (4) ang mga pandiwang *maging* o *kailanganin* (PD<sub>r</sub>); (5) mga pandiwang *modal*, gaya ng *magpumilit*, *magumpisa*, *hilingin*, *balakin*, at iba pa (PD<sub>m</sub>); at (6) mga pandiwang *pangkalikasan* (PD<sub>pk</sub>) gaya ng *umulang*, *kumulog*, *kumidlat*, *lumindol*, at iba pa.

Ang panagano (mood) ng mga pandiwa sa mga pariralang pandiwang ito'y maaaring maging: (a) *pawatas* (PD<sub>∞</sub>) (non-finite or infinitive); halimbawa, *magsalita*; (b) *pambahay* (finite) (PD<sub>∞</sub>); halimbawa, *nagsasalita*, *magsasalita* o *nagsalita*; (c) *panngalan-diwa* (gerund) (PDP<sub>d</sub>); halimbawa, *pagsasalita*; (d) *absoluto* (PD<sub>abs</sub>); halimbawa, *pagsalita*; at (e) *katatapos* (PD<sub>kt</sub>); halimbawa, *kasasalita*.

Ang ikalawang uri ng parirala'y ang PARIRALANG PANGNGALAN (PN). Ito'y maaaring nasa: (1) kaukulang *ang* (PN<sup>ang</sup>); halimbawa, *ang bahay*; (2) kaukulang *ng* (PN<sup>ng</sup>); halimbawa, *ng bahay*; (3) kaukulang *sa* (PN<sup>sa</sup>); halimbawa, *sa bahay*; (4) kaukulang *sero* (PN<sup>φ</sup>); halimbawa, *bahay*; (5) kaukulang *na* (PN<sup>na</sup>); halimbawa, *bahay na bato*; (6) *pang-ukol at sa o ng* (PN<sup>pu + sa/ng</sup>); halimbawa, *para sa bahay o gaya ng kapatid*; Kasama ng mga PN ang mga pangalang panghalip.

Ang ikatlong uri ng parirala'y ang PARIRALANG PANG-URI (PU). Ito'y maaaring nasa: (1) *kaukulang na* (PU<sup>na</sup>); halimbawa, *mataas na tao*; (2) *kaukulang ng* (PU<sup>ng</sup>); halimbawa, *tumakbo nang matulin*; (3) *kaukulang sero* (PU<sup>φ</sup>); halimbawa, *maganda ang dalaga*, Ang mga pariralang pang-uri ay maaari rin maging: (a) kasama ng mga pang-uring katulad ng *marunong*, *magaling*, *maaga*, at iba pa (PU<sup>ma</sup>); (b) ang lahat ng iba'y mga payak na pariralang pang-uri (PU).

Ang ikaapat na uri ng parirala'y ang PARIRALANG MODAL NA PANGNGALAN (MN). Ito'y maaaring maging: (1) *sa unang bahagi* (MN<sub>1</sub>), na kalakip ang *dapat* at *kailangan*; (2) *sa pangalawang bahagi* (MN<sub>2</sub>), na kalakip ang *gusto*, *ibig*, *ayaw*; (3) *sa pangatlong bahagi* (MN<sub>3</sub>), na kalakip ang *maaari* at *puwede*.

Ang ikalimang uri ng parirala'y ang PARIRALANG PANG-ABAY (PA), na maaaring: (1) *pang-abay na pamanahon*: kahapon, ngayon, bukas, antimano, dati, kadalasan, kanina, karaniwan, mamaya, tuwina; (2) *pang-abay ng pamaraan*: minsan, parati, siyempre, sana, agad, bigla, pagdaka, karakaraka; ulit o uli, halimbawa, makaisa, makalawa, at iba pa; agad-agad, gabi-gabi, araw-araw, isa-isa, dala-dalawa, tatlu-tatlo, at iba pa; (3) *pang-abay panlunan*: dito, dine, diyan, doon, at iba pa. Kalakip din ng pang-abay ang mga pananalitang tulad ng: *sa gitna ng gabi*, *kung gabi*.

Ang ikaanim na uri ng parirala'y ang PARIRALANG PANGNGALAN NG PAG-KAKARON (PN<sub>may</sub>) na ang kalakip ay ang mga salitang: *may*, *mayroon*, *wala*, *marami*, at iba pa.

Ang ikapitong uri ng parirala ay ang NEKSUS. Ito'y maaaring: (1) *pandiwang neksus* (DX), na binubuo ng isang pandiwang nasa panaganong pawatas (DX<sup>∞</sup>) at ng pariralang pangngalan sa kaukulang *ng*; halimbawa, *gusto kong kumain ng mangga*; (2) *pangungusap na neksus* (PX), na binubuo ng isang pandiwa (na maaaring nasa panaganong pawatas [PX<sup>∞</sup>] o sa panaganong pambanghay [PX<sup>∞</sup>]) at ng pariralang pangngalan sa kaukulang *ang*; halimbawa, *maaaring nagwalis na si Pedro*.

Sa susunod na paglalarawan ng mga iba't-ibang pangungusap na sakop ng apat na uri ng mga pangunahing pangungusap na nabanggit natin ay gagamitin natin ang mga tandang ito:

- (1) A · B: ang ibig sabihin ay kapuwa kailangan ang A at B; halimbawa, *dumating siya*.
- (2) A ← B: ang ibig sabihin ay kailangan ang A, at ang B ay maaaring idagdag; halimbawa, *dumating siya kahapon*.
- (3) A ~ B: ang ibig sabihin ay kailangan ang A o ang B, ngunit hindi ang dalawang sabay; halimbawa, *itong tao o ang tao* ngunit hindi *\*ang itong tao*.
- (4) A - B: ang ibig sabihin ay kailangan ang A o ang B o ang kapuwa A at B; halimbawa, *A at B*; halimbawa, *wala siya dito sa sala*.
- (5) O: ang nukleo ng pangungusap;

- O1 o O2: ang pariralang ito'y bahagi ng nukleo;  
 1, 2, 3, 4: mga pariralang maaaring ilipat sa harap ng nukleo;  
 d: hindi maaaring ilipat ang bahaging ito ng pangungusap.

- (6)  $\frac{Ma \Rightarrow Ma}{A \quad B}$  : ibig sabihin nito ay kapag ang A ay maramihan, kailangang maramihan din ang B; halimbawa, *nagsisitulong ang mga bata*.

## ISAHAN:

$$\begin{array}{l} PP^{\infty} \\ I, 1 \end{array} = \begin{array}{l} PD^{\infty} \\ pk \\ O \\ \text{umuulan} \end{array}$$

$$\begin{array}{l} PP^{\phi} \\ I, 2 \end{array} = \begin{array}{l} PN \\ may \\ O \\ \text{may tao} \end{array}$$

## DALAWAHAN:

$$\begin{array}{l} PP^{\infty} \\ II, 1 \end{array} = \frac{Ma \Rightarrow Ma}{PD^{\infty} \cdot PNang} \begin{array}{l} pl \\ O \quad 1 \\ \text{nagluluto ang ina} \end{array}$$

$$\begin{array}{l} PP^{\infty} \\ II, 2 \end{array} = \frac{Ma \Rightarrow Ma}{PD^{\infty} \cdot PNang} \begin{array}{l} dpl \\ O \quad 1 \\ \text{nagsisitulong ang mga bata.} \end{array}$$

$$\begin{array}{l} PP^{\phi} \\ II, 3 \end{array} = (PN \sim PU)^{\phi} \cdot PNang \begin{array}{l} O \quad 1 \\ \text{sundalo si Pedro.} \\ \text{matangkad si Pedro.} \end{array}$$

$$\begin{array}{l} PP^{\phi} \\ II, 4 \end{array} = \begin{array}{l} MN \\ 1, 2, 3 \\ O \quad d \\ \text{gustong matulog ang batà.} \end{array} \cdot PX^{\infty}$$

$$\begin{array}{l} PP^{\phi} \\ II, 5 \end{array} = \begin{array}{l} PNang \quad PNang \\ 1 \quad 1 \\ \text{ang binatà ang pulis.} \end{array}$$

$$\begin{array}{l} PP^{\phi} \\ II, 6 \end{array} = PU^{\phi} : (PA^{\phi} - PNs_a) \begin{array}{l} O \quad 1 \\ \text{marumi dito sa kusinà.} \end{array}$$

$$\begin{array}{l} PP^{\phi} \\ II, 7 \end{array} = \begin{array}{l} PDkt \quad \cdot \quad PNng \\ O \quad O1 \\ \text{karakating ni Pedro.} \end{array}$$

$$\begin{array}{l} PP^{\phi} \\ II, 8 \end{array} = \begin{array}{l} PU \quad \cdot \quad PX^{\infty} \\ ma \\ O \quad d \\ \text{marunong magmaneho si} \\ \text{Pedro.} \end{array}$$

$$\begin{array}{l} PP^{\phi} \\ II, 9 \end{array} = \begin{array}{l} PNs_a \cdot PNang \\ O \quad 1 \\ \text{sa tao ito.} \end{array}$$

TATLUHAN:

$PP^\phi = MN \cdot PNng \cdot DX^\infty$   
 III, 8  
 $O \quad O1 \quad d$   
 gusto ng batang kumain ng mangga.

$\frac{M_a \Rightarrow M_a}{PP^\infty} = PD^\infty \cdot PNng \cdot PNang$   
 III, 1  
 abpl  
 $O \quad O1 \quad 1$   
 nagpatay ng manok ang ina.

$\frac{M_a \Rightarrow M_a}{PP^\infty} = PD^\infty \cdot PNang \cdot PX^\infty$   
 III, 2  
 m  
 $O \quad 1 \quad d$   
 nagpumilit ang inang matulog ang bata.

$PP^\phi = MN \cdot PNng \cdot PNng$   
 III, 9  
 1, 2  
 $O \quad O1 \quad O1$   
 Kailangan ni Pedro ng pera.

$\frac{M_a \Rightarrow M_a}{PP^\infty} = PD \cdot PNang \cdot DX^\infty$   
 III, 3  
 m  
 $O \quad 1 \quad d$   
 nagpumilit ang batang kumain ng mangga.

$PP^\phi = PU \cdot PNng \cdot PNang$   
 III, 10  
 (Ph 1)  
 $O \quad O1 \quad 1$   
 kasinglaki ni Maria si Pedro.

$PP^\infty = PD^\infty \cdot (PU \sim PN)^\phi \cdot PNang$   
 III, 4  
 r  
 $O \quad d \quad 1$   
 naging (mabait ~ sundalo) si Pedro.

$PP^\phi = MN \cdot (PU^\phi \sim PNang) \cdot PNang$   
 III, 11  
 1, 3  
 $O$   
 maaaring mali ~ ang pulis si Pedro.

$PP^\infty = MN^\infty \cdot PNng \cdot DX^\infty$   
 III, 5  
 1, 2  
 $O \quad O1 \quad d$   
 kinailangan ng inang uminom ng gamot

$PP^\phi = MN \cdot PNng \cdot PNang$   
 III, 12  
 1

$PP^\infty = MN^\infty \cdot PNng \cdot PNang$   
 III, 6  
 1, 2  
 $O \quad O1 \quad 1$   
 kinailangan ni Pedro ang pera.

APATAN:

$PP^\infty = PD^\infty \cdot PNng \cdot PNang \cdot PNng$   
 IV  
 abpl  
 $O \quad O1 \quad 1 \quad O2$   
 ikinuha ng ina ang bata ng inumin.

$PP^\phi = MN \cdot PNng \cdot PX^\infty$   
 III, 7  
 2  
 $O \quad O1 \quad d$   
 gusto ng inang matulog ang bata.

Mayroong apat na paningin o pokus ang mga pangungusap sa Pilipino: (1) tahasang paningin, (2) kabalikang paningin, (3) lunang paningin, (4) kasangkapang paningin. Ang pagkakaiba ng anyo ng pandiwa at ng mga pariralang bahagi ng pangungusap ay makikita natin sa mga sumusunod:

Tahasang Paningin: nagpatay ang ina ng manok sa kusina para sa bata.

0 1 01 2 3

Kabalikang Paningin: pinatay ang manok ng ina sa kusina para sa bata.

0 1 01 2 3

Lunang Paningin: pinagpatayan ang kusina ng ina ng manok para sa bata.

0 1 01 02 3

Kasangkapang Paningin: ipinagpatay ang bata ng ina ng manok sa kusina.

0 1 01 02 3

### 3.0 PAGPAPALAWAK NG PANGUNGUSAP

Ang mga pangungusap ay maaaring pahabain sa pagdaragdag ng mga: (1) paningit (enclitics), (2) pang-una (prepositives), at (3) pang-abay (adverbs).

Ang mga PANINGIT (PT) ay mga katagang naisisingit sa pagitan ng mga salita, at nagdaragdag ng bagong kahulugan sa pangungusap, hal. sa pangungusap na *dumating ba si Nena?*, ang *ba* ay paningit. Ito'y katagang pantanong na nagpapalawak sa pahayag na *dumating si Nena*.

Mayroong tatlong uri ng paningit sa Pilipino: (1) *di-panghalip*, (2) *panghalip*, at (3) paningit *pagkatapos* ng mga salitang *pamilang*. Ang mga di-panghalip ay mapapangkat sa dalawa: (i) *iisahing pantig*, katulad ng *daw*, *raw*, *din*, *rin*, *na*, *pa*, *nga*, *po*, at iba pa; (ii) *dadalawahing pantig*, katulad ng *bagá*, *kayá*, *lamang*, *muna*, *naman*, *nawa*, *sana*, *tulóy*, *ulf*, *mismo*. Ang mga paningit na panghalip ay mahahati rin sa dalawang pangkat: (i) *iisahing pantig*, gaya ng *ko*, *mo*, *ka*, at iba pa, at (ii) *dadalawahing pantig*, tulad ng *niya*, *natin*, *namin*, *nito*, *niyan*, *noon*, *nino*. Ang ikatlong uri ng paningit ay ginagamit pagkatapos ng *pamilang*, hal. *tatlong katao*. Ang *katao* ay paningit pagkatapos ng *pamilang* na *tatlo*.

May mga tuntunin sa dapat kalagyan ng mga paningit:

(1) sumusunod sa unang salitang may tuldok sa parirala, ngunit:

(2) ang mga *iisahing pantig* na paningit ay nangunguna sa *dadalawahing pantig*; hal. *dumating nga pala* si Lito

(3) sa mga *iisahing pantig* na paningit, nangunguna ang mga *panghalip* sa mga paningit na *di-panghalip*; hal. nakita *ko na naman* siya;

(4) ang pinakamahabang pagsasama-sama ng mga paningit ay: na *~ pa nga rin ~ din raw ~ daw po ~ ho ba*.

Ang ganitong uri ng pagpapahaba ng pangungusap ay maipapakita ng mga simbulong:

PP  $\ni$  PT!  $\Rightarrow$  Pg

Ang ikalawang paraan ng pagpapahaba ng pangungusap ay sa paggamit ng mga PANG-UNA o PREPOSITIBO (PR) sa unahan ng paningit, hal. *hindi pa ba dumating si Nena?* Ang mga prepositibo sa Pilipino ay *halos*, *bawat*, *ganoon*, *kahit*, *kapuwa*, *saka*, *kanya*, *huwag*, *hindi*, *baka*, *bakit*, *gayon*, *muli*, *sadya*, *medyo*, *puro*, *talaga*, *panay*, *masyado*, *pawang*, *palagi*, *dati*, *kaagad-agad*. Ang mga pang-una'y maaaring magkasunod-sunod sa

pangungusap, maliban sa ilang taliwas. Ang pinakamahabang hanay ng mga pang-una ay *kanya siguro medyo hindi bawat ganoon*. Ang ganitong uri ng pagpapalawak ng pangungusap ay maaaring ilarawan sa pamamagitan ng mga sumusunod na tanda:

$$PP \ni PR! \Rightarrow PT! \Rightarrow Pg \Leftarrow PA$$

Ang ikatlong paraan ng pagpapahaba ng pangungusap ay ang paggamit ng pang-abay. Ang pang-abay ay maaaring idagdag sa unahan o sa hulihan ng pangungusap, hal. *kahapon ay nagpatay ang tao ng manok*, o *nagpatay ang tao ng manok kahapon*. Ang ganitong paraan ng pagpapahaba ng pangungusap ay maaaring maipakita sa pamamagitan ng mga simbolong sumusunod:

$$PP \ni PA! \Rightarrow PR! \Rightarrow PT! \Rightarrow Pg \Leftarrow PA$$

#### 4.0 ANG HANAY-PARIRALA

Ang iba't ibang uri ng pariralang bumubuo ng mga pangungusap sa wikang Pilipino ay napag-usapan na natin. Gaya nga nasabi na, may mga pariralang: (1) pandiwa, (2) pangngalan, (3) pang-uri, (4) modal na pangngalan, (5) pang-abay, at (6) pagkakaroon. Atinag talakayin ngayon ang mga paraan ng pagpapahaba ng mga pariralang ito.

Ang mga parirala ay napahahaba sa pamamagitan ng pagdaragdag ng: (1) mga pang-una o prepositibo, (2) mga paningit, (3) at pang-abay; hal. *nagluto na rin daw po ba* una o prepositibo, (2) mga paningit, (3) at pang-abay; hal. *nagluto na rin daw po ba kahapon, hindi pa pala matangkad, halos bawa't bang taong Pilipino*, at iba pa. Bukod sa mga ito, ang iba't ibang mga uri ng pariralang sumusunod ay may kani-kaniyang paraan ng pagpapahaba:

Ang mga pariralang pandiwa ay mapahahaba sa pamamagitan ng:

- (1) pagdaragdag ng pariralang pang-uri sa kaukulang *ng*; hal. *lumakad ng mabilis*.

$$PD \ni PD \Leftarrow PUNg$$

- (2) pagdaragdag ng pariralang pangngalan sa kaukulang *sa*; hal. *tumakbo sa kusina*.

$$PD \ni PD \Leftarrow PNs_a$$

- (3) pagdaragdag ng pariralang pangngalan sa kaukulang *ng*, at ng pariralang pangngalan sa kaukulang *sa*, at ng pariralang pangngalan sa kaukulang *pang-ukol at sa*; hal. *nagluto ng isda sa kusina para sa bata*:  $PD \ni PD \Leftarrow PN_{ng} \Leftarrow PNs_a \Leftarrow PN_{pu} + sa/ng$

Ang mga pariralang pangngalan ay napahahaba sa pamamagitan ng pagdaragdag ng:

- (1) pariralang pangngalan sa kaukulang *na*, hal. *bahay na bato*:

$$PN \ni PN_{na} \Rightarrow PN$$

- (2) pariralang pangngalan sa kaukulang *ng*, hal. *bayan ng San Roque*:

$$PN \ni PN \Leftarrow PN_{ng}$$

- (3) pariralang pangngalan sa kaukulang *sa*, at sa kaukulang *pang-ukol at sa*, hal. *tindahan sa nayon para sa mga magsasaka*:

$$PN \ni PN \Leftarrow PNs_a \Leftarrow PN_{pu} + sa$$

Ang mga pariralang pang-uri ay napapahaba sa pamamagitan ng pagdaragdag ng pariralang pang-uri sa kaukulang *na*, hal. *magandang maganda*:

$$PN \ni PN_{na} \Rightarrow PU$$

## 5.0 ANG HANAY-SALITA

Ang mga salita sa wikang Pilipino ay mga *pantallasalitaan* (lexemes) o mga pambalarilang *morpema* (grammatical morphemes). Ang mga pantallasalitaan ay maaari pang dumami at laging dumarami sa bilang. Ito ay mga pangalan, pang-uri, pandiwa, at pang-abay. Ang mga pambalarilang morpema ay di dumarami sa bilang; namamalagi ang kanilang bilang sa isang wika. Ito ay mga panlapi, mga panghalip, mga pang-ukol, mga paningit, mga pang-una o prepositibo, at mga pangatnig.

Kabilang sa mga pambalarilang morpema ang mga tanda ng kaukulan (ang, ng, sa, na, pang-ukol + sa/ng), at ang tanda ng kabalikang ayos ng mga parirala (ay).

## SANGGUNIAN

- LLAMZON, TEODORO A. 1970. A set of principles for the description of a language. *Philippine Journal of Linguistics* 1.12-24.